

MGA KAMPEYON NG PAGBABAGO: ANG EPEKTIBONG GURO NG ALS

by:

Albert J. Mallari

Master Teacher I, Samal District

Sa puso ng bawat komunidad ay may mga tahimik na bayani na naghahatid ng edukasyon sa mga higit na nangangailangan—ang mga guro ng Alternative Learning System o ALS. Sila ay hindi lamang mga tagapagturo; sila ay mga kampyon ng pagbabago, na gumagabay sa mga out-of-school youth at Out-of-school children at adults patungo sa mas maliwanag at mas makapangyarihang kinabukasan.

Ang isang epektibong guro ng ALS ay hindi lamang guro na nagtuturo, Ginagampanan nila ang maraming papel: tagapagturo, tagapayo, tagapagpakilos ng komunidad, at tagagabay. Dahil ang mga mag-aaral ng ALS ay nagmumula sa iba't ibang antas ng edukasyon, karanasan sa buhay, at hamon sa personal na buhay, kailangang maging malikhain, maunawain, at mapag-angkop ang mga guro sa kanilang pagtuturo. Gumagamit sila ng mga estratehiyang nakasentro sa mag-aaral, iniakma sa pangangailangan, interes, at bilis ng pagkatuto ng bawat isa.

Higit pa sa kaalamang pang-akademiko, hinuhubog din ng mga guro ng ALS ang mga kasanayan sa buhay, tamang asal, at tiwala sa sarili. Binibigyan nila ng pag-asa ang mga mag-aaral na minsang nawalan ng tiwala sa edukasyon. Sa pamamagitan ng kanilang dedikasyon, muling natututo ang mga mag-aaral na mahalín ang pag-aaral, ituloy ang mas mataas na edukasyon o pagsasanay pangkabuhayan, at maging kapaki-pakinabang na miyembro ng lipunan.

Nagsusulong din ng matatag na ugnayan sa komunidad ang mga epektibong guro ng ALS. Nakikipagtulungan sila sa mga lokal na pamahalaan, NGO, at mga pribadong

organisasyon upang makakuha ng mga gamit pang-edukasyon, lugar ng pag-aaral, at iba pang suporta. Dahil dito, mas lalong napapalakas ang programa ng ALS at nabibigyan ng mas maraming oportunidad ang mga mag-aaral.

Sa bawat kwento ng tagumpay ng isang mag-aaral sa ALS, may isang guroong tahimik ngunit buong pusong nagsilbi sa likod nito. Ang mga guro ng ALS ang nagsisilbing katuwang at lakas, dahilan upang matagumpay na makuha ang layunin ng Tunay ngang ang epektibong guro ng ALS ay higit pa sa guro – sila ay mga Kampyon ng Pagbabago, nagwawasak ng mga hadlang at nagtatayo ng tulay patungo sa mas makatarungan at mas edukadong lipunan.

References:

<https://www.facebook.com/p/DepEd-Alternative-Learning-System-OrMin-61557030902902/>
<https://www.facebook.com/OfficialDepEdALS2.0/posts/sino-ang-mga-guro-sa-alternative-learning-system-als-program-ng-department-of-ed/352727257025179/>
<https://www.pinoyperryodiko.com/2024/11/14/magandang-balita/als-graduate-inspirasyon-na-ngayon-bilang-guro/13199/>